

Pag-test sa COVID-19: Madalas na Itinatanong (FAQ)

May dalawang pangunahing uri ng mga test:

- **Mga diagnostic test:** mga test sa swab o laway na ginagamit upang malaman kung ang isa sa **kasalukuyan** ay may COVID-19 (ibig sabihin, kung kasalukuyan silang may sakit).
- **Mga test sa antibody** (tinatawag ding **mga test sa serology**): mga test sa dugo na ginagamit upang malaman kung ang isa ay nagkasakit ng COVID-19 sa isang panahon noong **nakalipas**.

Mga Diagnostic Test para sa Kasalukuyang Impeksiyon

Paano ginagawa ang pag-test na diagnostic?

Ginagawa ang isang diagnostic test sa pamamagitan ng pagpasok ng swab (kahalintulad ng isang mahabang Q-tip) sa iyong ilong o lalamunan o sa pamamagitan ng pagkuha ng laway. Kadalasan kailangang ipadala ang swab o laway na sampol sa isang lab, bagaman ang ilang test ay maaaring gawin sa opisina ng tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan. Kung may [mga sintomas](#) ka ng COVID-19, dapat kang manatili sa bahay hangga't maaari habang hinihintay ang mga resulta ng test mo (at, kung positibo ka, magpatuloy na gawin ito).

Sino ang dapat magpa-diagnostic test para sa COVID-19?

Lahat ng mga New Yorker ay dapat magpa-test para sa COVID-19. Lalong mahalaga na magpa-test kung may [sintomas](#) ka, may malapit na kontak sa isa na na-diagnose na may COVID-19 o nagkaroon ng mga sintomas ng COVID-19, kamakailan pumunta sa isang protesta o ibang malaking pagtitipon, nagpaplano na bisitahin ang [isang tao na nasa mataas ang peligro ng malubhang sakit](#), nakatira o nagtatrabaho sa isang kapaligiran na panggrupong paninirahan (tulad ng nursing home), o nagtatrabaho sa pangangalagang pangkalusugan o may trabaho na nagsasangkot ng regular na malapit na kontak sa iba. Upang humanap ng site sa pag-test, bisitahin ang nyc.gov/covidtest.

Ano ang ibig sabihin ng isang positibong resulta ng diagnostic test?

Ibig sabihin ng isang **positibong** resulta ng test na **ikaw ay malamang na may COVID-19 ngayon** at dapat manatili sa bahay at gawin ang mga pag-iingat upang bawasan ang peligro ng pagkalat ng virus, kasama ang paggamit ng pantakip sa mukha at paggawa ng mabuting kalinisan sa kamay at pisikal na paglayo sa iba. Mayroong impormasyon tungkol sa kung ano ang gagawin kapag nagkasakit ka, paano protektahan ang iba, kailan ka makaaalis ng bahay at kailan kukuha ng pangangalaga sa nyc.gov/health/coronavirus.

Ano ang ibig sabihin ng isang negatibong resulta ng diagnostic test?

Ibig sabihin ng isang **negatibong** resulta ng test na malamang **wala** kang COVID-19. Dapat kang magpatuloy na gawin ang mabuting kalinisan sa kamay at pisikal na paglayo sa iba at magsuot ng pantakip sa mukha. Ito ay lalong mahalaga kung may mga sintomas ka dahil maaari na mayroon ka ng virus pero hindi natuklasan ito ng test.

Mga Test sa Antibody para sa Nakaraang Impeksiyon

Ano ang mga antibody?

Ang mga antibody ay mga espesyal na protina na ginagawa ng katawan upang tumulong na labanan ang mga impeksiyon. Maaari silang gawin kahit na may ilan o walang sintomas ang tao. Karaniwang aabutin ng ilang panahon pagkatapos ng impeksiyon para gawin ang mga antibody at matutuklasan sa dugo. Paminsan-minsan pinoprotektahan tayo ng mga antibody na magkaroong muli ng parehong impeksiyon ngunit **hindi pa natin alam kung totoo ito sa COVID-19**. Hindi pa rin natin alam kung gaano kadalang gumawa ng mga antibody kapag ang isa ay may COVID-19 o tungkol sa kung ano ang maaaring pagkakaiba sa dami at uri ng mga antibody na ginagawa ng mga tao bilang tugon sa impeksiyon.

Ano ang layunin ng pag-test sa antibody sa COVID-19?

Makatutulong sa atin ang pag-test sa antibody na mas mahusay na maunawaan ang COVID-19 kasama kung paano tumutugon ang katawan sa virus at gaano kadalang nagdudulot ang virus ng isang impeksiyon na may mga sintomas. Makatutulong din ito sa atin na tantiyahin kung gaano karami ang nagkaroon na ng COVID-19. **Mahalaga ang mga test sa pampublikong kalusugan ngunit mahirap na bigyan ng kahulugan para sa personal na kalusugan yamang hindi pa natin alam kung ang mga antibody ay ginagawang may resistensiya ang mga tao sa virus.**

Sino ang magpapa-test sa antibody?

Tatagal na mabuo ang mga antibody kapag nagkakasakit ang isa, kaya ang pag-test sa antibody ay hindi tumpak sa isa na may sakit o kamakailang nagkasakit. **Hindi** dapat gawin ang pag-test sa antibody sa isa na may mga sintomas ng COVID-19, nagkaroon ng mga sintomas ng COVID-19 sa loob ng nakaraang dalawang linggo o nagkaroon ng positibong diagnostic test sa COVID-19 sa loob ng nakaraang dalawang linggo (base sa petsa na kinuha ang sampol).

Paano ginagawa ang pag-test sa antibody?

Nangangailangan ang pag-test sa antibody ng pagkuha ng sampol ng dugo sa pamamagitan ng finger stick o pagkuha ng dugo sa isang ugat sa iyong braso. Saka ipapadala ang sampol ng iyong dugo sa isang lab.

Ano ang ibig sabihin ng isang positibong resulta ng test sa antibody?

Ibig sabihin ng isang **positibong** resulta ng test na natuklasan ang mga antibody sa iyong dugo at na **malamang na mayroon kang COVID-19 sa isang panahon noong nakalipas**. Gayunman, posible rin na wala kang COVID-19 at ang mga antibody na natuklasan ay mula sa impeksiyon sa isang kaugnay na virus. Ito ay paminsan-minsan tinatawag na huwad na positibo.

Kung na-test ako na positibo, ibig sabihin ba nito na may resistensiya ako sa COVID-19?

Hindi pa natin alam kung ang mga antibody na nabubuo bilang tugon sa COVID-19 ay pinoprotektahan tayo sa pagkakasakit nito muli o, kung may ilang proteksiyon, gaano ito tatagal. Mahalaga na ipagpatuloy mo na sundin ang mga rekomendasyon sa pisikal na paglayo sa iba, mabuting kalinisan sa kamay at magsuot ng pantakip sa mukha.

Ano ang ibig sabihin ng isang negatibong resulta ng test sa antibody?

Ibig sabihin ng isang **negatibong** resulta sa test na hindi natuklasan ang mga antibody sa iyong dugo at na malamang na **hindi** ka nagkaroon ng COVID-19. Gayunman, ibig sabihin din nito na nagkaroon ka ng COVID-19 pero:

- Walang sapat na panahon para mabuo ang mga antibody, o
- Hindi sapat na gumawa ang iyong katawan ng mga antibody para matuklasan sila ng test, o
- May mga problema sa katumpakan ng test sa antibody na ginamit.

Kung na-test akong positibo, ligtas ba akong nasa paligid ng aking pamilya at iba?

Ibig sabihin ng isang positibong resulta ng test na malamang na mayroon kang COVID-19 sa isang panahon noong nakalipas. Dahil sa haba ng panahon na lumipas, malamang na hindi ka na nakahahawa mula sa impeksiyong iyan. Gayunman, hindi pa natin alam kung magkakasakit ka muli ng COVID-19.

Makaaapekto ba ang resulta ng aking test kung maaari akong pumasok sa trabaho?

Hindi. Hindi dapat gamitin ang isang positibo o negatibong resulta ng test na gumawa ng anumang mga desisyon mo o ng iyong employer tungkol sa pagpasok sa trabaho. Dapat mong patuloy na isuot ang pantakip sa mukha at gamitin ang personal na kagamitan sa proteksiyon na inirekomenda ng iyong employer na hindi alintana ang resulta ng iyong test.

Maaaring baguhin ng Kagawaran ng Kalusugan ng NYC ang mga rekomendasyon habang nagbabago ang sitwasyon.

7.13.20